DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.212

# Pagsusuring Pangnilalaman sa mga Piling Orihinal na Pilipinong Musika (OPM): Disenyo ng Aralin

**MARYGRACE B. CAIPANG[1], CATHERINE B. ORCULLO[2]**
[1]University of Bohol – 0186 Dr. Cecilio Putong Street,
Cogon Tagbilaran City, Bohol 6300
[2]Bohol Island State University – Carlos, P. Garcia Avenue,
Tagbilaran City, 6300 Bohol

*Corresponding Author: caipangmarygrace1995@gmail.com*

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: March 25, 2024
Revised: May 3, 2024
Accepted: June 28, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Wika, OPM, morpolohikal, elemento, pagsusuring pangnilalaman

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pakikipagtalastasan na nagbibigay-daan upang maipahayag ang saloobin, damdamin, at ideya ng tao. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang nilalaman ng mga piling Orihinal na Pilipinong Musika (OPM) mula 2022-2024. Layuning nitong suriin ang nilalaman batay sa sumusunod: morpolohikal na istrukturang nakapaloob sa piling OPM ayon sa kayarian ng salita, pagbabagong morpoponemiko, at aspekto ng pandiwa at elemento ng akdang pampantikan na nakapaloob tulad ng genre, tema, simbolismo, idyomatikong pahayag, at kulturang Pilipino. Nilalayon din ng pag-aaral na makabuo ng disenyo ng aralin na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Filipino upang mapataas ang interes at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong pamamaraan, partikular ang pagsusuring pangnilalaman o content analysis. Batay sa pagsusuri, natuklasan na ang morpolohikal na kayarian ng mga piling OPM ay binubuo ng payak, maylapi, at inuulit na salita, nagpapakita ng mga pagbabagong morpoponemiko tulad ng reduplikasyon, asimilasyon, pagpapalit, at pagkakaltas ng ponema, at mga aspekto ng pndiwa na perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo. Ang

©M.B. Caipang and C.B. Orcullo (2024). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

mga liriko ng kanta ay nagtataglay ng genre na pop kasama ang makabuluhang tema, simbolismo, idyomatikong pahayag, at kulturang Pilipino. Ang OPM ay nakitang kapaki-pakinabang bilang kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikan, na nakapagpapataas ng interes at kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral

## INTRODUKSYON

Ang wika ay mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng saloobin, damdamin, at ideya, pati na rin sa pangangalaga ng kultura at kaugalian ng mga Pilipino. Ayon kay Bulan (2017), ang wika ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon kundi sandata rin ng kulturang Pilipino. Sa panitikan, makikita ang epekto ng patuloy na pagbabago ng wika. Isa sa mga modernong anyo ng panitikan na sumasalamin dito ay ang musika, partikular ang OPM. Ang Original Pilipino Music, o mas kilala bilang OPM, ay itinuturing na mga pagtatanghal at komposisyon sa iba't ibang genre at estilo sa Pilipinas (Deja et al., 2018).

Mahalaga ang OPM sa paghubog ng kultura at kasaysayan ng Pilipinas, at sa pagbibigay-linaw sa mga isyung panlipunan at personal. Ang mga kabataan, lalo na ang mga mag-aaral sa ika-21 siglo, ay malapit sa musika dahil sa mga liriko nitong nakapupukaw ng kanilang damdamin at nagkakaroon ng epekto sa kanilang pananaw at ugali. Sa karanasan ng mga guro, nahihirapan ang mga mag-aaral sa mga aspeto tulad ng pag-unawa sa morpolohiya ng wika, pagkilala sa genre at tema ng akda, at pag-unawa sa mga salitang malalalim ang kahulugan. Bukod dito, hindi rin nila lubos na nauunawaan ang kahalagahan ng kulturang Pilipino sa panitikan.

Bunsod ng mga hamong ito, nilalayon ng pananaliksik na suriin ang piling OPM batay sa morpolohikal na istruktura, genre, tema, simbolismo, idyomatikong pahayag, at kulturang Pilipino. Nais din nitong makabuo ng disenyo ng aralin na magpapadali sa pagtuturo ng asignaturang Filipino gamit ang OPM. Naniniwala ang mananaliksik na ang paggamit ng mga materyal tulad ng awitin ay maaaring makakuha ng interes ng mga mag-aaral at magbigay-daan sa mas makabuluhang pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teoryang Innatib ni Noam Chomsky (1965) na lahat ng tao ay mayroong "likas" na kakayahan sa pag-aaral dahil naniniwala siya na bawa't isa ay ipinanganak na may "built-in device" o isang kathang-isip na aparato na tinatawag na "black box" na matatagpuan sa isang sulok ng ating utak at responsable sa pag-aaral ng isang tao. Ibig sabihin, ang likas na kakayahan na ito ay naglalaro ng mahalagang papel sa paraan ng pag-unawa at pagpapahayag ng morpolohikal na istruktura ng wika sa mga awiting OPM. Ito ay nagbibigay-daan sa mga tao na matuto, maunawaan, at bigyang halaga ang mga linggwistikang katangian na kaugnay ng kultura na taglay ng mga awit na ito.

Ang Teoryang Istrukturalismo ni Ferdinand de Saussure (1961), na

nagbibigay-diin sa pagsusuri ng istruktura ng wika sa isang partikular na punto sa panahon at nagpapahiwatig na ang pagsusuri sa wika ay hindi limitado sa aktwal na paggamit nito kundi sa istruktura ng wika mismo. Ibig sabihin, ito ay naglalaan ng malalim at komprehensibong pag-unawa sa wika bilang isang dinamikong at nagbabagong sistema, na binubuo ng mga panloob na istraktural na prinsipyo at mga panlabas na kasaysayang kadahilanan.

Ang Teoryang Behaviorism ni Burrhus Frederic Skinner (1963) na nakatuon sa isang partikular na stimulus na naging dahilan upang mabago ang kilos ng isang tao. Sa teoryang ito, kinakailangan ang isang stimulus upang magresulta sa isang tugon. Sa kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral, malinaw na sila ay mulat sa mga makabagong teknolohiya na kinapapalooban ng mga awitin. Ang mga bagay na nakikita nila sa kanilang mga kinahihiligan ay maaaring gamitin bilang stimulus upang hikayatin silang matuto, sapagkat ito ay nakakakuha ng kanilang interes.

Biinibigyang-diin naman ni Jerome Bruner (1985) sa kanyang *Interactionist theory* na ang papel ng guro bilang gabay sa pag-unlad ng kasanayan sa wika sa pamamagitan ng suportadong interaksyon. Samakatuwid, ang guro ay aktibong gumagabay sa pag-aaral ng wika ng mga bata upang lumawak ang kaalaman at kasanayan nito sa wika.

Inilahad ni Shunwei & Jia (2022) na ang Original Pilipino Music o OPM ay tumutukoy ngayon sa anumang uri ng Orihinal na Pilipinong Musika na nilikha sa Pilipinas o isinulat ng mga indibidwal na may dugong Pilipino, kahit saan man sila naroroon noong ito ay naisulat. Ang mga liriko ay maaaring nasa anumang wikang Filipino o diyalekto. Mahalaga ang pag-aaral sa mga panunuri ng awitin na may kasaling pagtingin sa wika (Mandado, 2020). Ang mahusay na pagkaunawa sa isang wika ay magiging isang pakinabang lalo na sa mga mag-aaral na kumakaharap sa iba't ibang aktibidad na nangangailangan ng kasanayang pangwika (Avila, 2023). Ang mga mag-aaral na may mahusay na pagkaunawa sa istruktura ng wika ay mas magiging epektibo sa mga gawain na nangangailangan ng kasanayang pangwika tulad ng pagsulat, pagbasa, pagsasalita, at pakikinig.

Sa katunayan, sinabi nga kina Nacorda and Mandado (2023) na ang pagsasagawa ng pagsusuring pampanitikan para sa pagtuturo ng wika at panitikan ay magiging makabuluhan sa mga mag-aaral dahil nagpapakita ito ng pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura at wika. May ilang mga aspeto ng wika na kailangan nating maunawaan, at isa rito ang morpolohiya (Salih,2023). Ayon kay Sulistyawati, et.al (2021), ang terminong morpolohiya ay maaaring gamitin bilang isang kagamitang pangturo upang mapaunlad ang kaalaman sa bokabularyo ng mga mag-aaral.

Noong 1970 umusbong daw ang ideya ng pagbuo ng sariling musika ang mga Pilipino at lumabas ang iba't ibang genre ng musika tulad ng Pinoy rock, Pinoy jazz, at Filipino pop ballad (Shunwei & Jia, 2022). Batay sa mapanuring pag-aaral ni Alvarado, et.al., (2018), napag-alaman na ang lahat ng mga salita ay nangingibabaw ang payak, maylapi at inuulit ngunit hindi kakikitaan ng

tambalang salita. Sa pag-aaral naman nina Garrido at Romero (2023), ng mga pahayag ng Porohanon sa mga salitang pangnilalaman ay lubos na nagpapakita ng mga prosesong morpoponemiko. Natuklasan na ang mga prosesong morpolohikal na ginamit ay: paglalapi, reduplikasyon, metatesis, pagbubuo ng mga salita, pagsasama, paghiram, at paglikha ng bagong salita (Crisol, 2020). Mahalaga ang mga prosesong ito sa paghubog ng istraktura ng wika na nagpapakita kung paano nililikha at inaangkop ang mga bagong salita at anyo sa paglipas ng panahon. Sa pag-aaral ni Agbayani (2020) lumabas sa pag-aaral mayroong mga pandiwang imperpektibo na gumagamit ng mga panlaping tulad ng gitlaping -in- na katumbas ng -in- sa Filipino at unlaping gina- na katumbas ng naga- sa Cebuano, habang ang aspektong kontemplatibo ay gumagamit ng unlaping mag- na katumbas ng mag- sa Filipino at simpleng pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat, at ang unlaping i- na katumbas ng i- sa Filipino at Cebuano.

Ang pag-aaral ni Carey (2020) ay nakatuon sa apat na pangunahing genre—pop, rap at hip-hop, rock at alternative, at country. Ayon naman sa pag-aaral ni Khamim (2022), ang mga idyomatikong pahayag ay karaniwang ginagamit sa mga kanta, panitikan, tula, at pelikula. Sa musika, ang mga idyoma ay nagiging instrumento upang maipahayag ang emosyon, tema, o mensahe sa isang malikhaing paraan, na nagdudulot ng mas malawak na interpretasyon mula sa mga tagapakinig. Batay sa pag-aaral ni Obasi (2023), ang mga temang tulad ng pagsisikap ay madalas na tuwirang ipinapahayag sa mga liriko ng kanta, kung saan malinaw na binibigyang-diin ng mga mang-aawit ang pagtitiyaga at pagsusumikap.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang nilalaman ng mga piling Orihinal na Pilipinong Musika (OPM) mula taong 2022 hanggang 2024. Layunin nitong masagot ang mga sumusunod na katanungan: Una, ano-anong morpolohikal na istruktura ang matatagpuan sa mga piling OPM batay sa kayarian ng salita, pagbabagong morpoponemiko, at aspekto ng pandiwa? Ikalawa, ano-ano ang mga elemento ng akdang pampanitikan na nakapaloob sa mga piling OPM, partikular sa genre, tema, simbolismo, idyomatikong pahayag, at kulturang Pilipino? Ikatlo, ano ang implikasyon ng resulta ng pag-aaral na ito sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino? At ikaapat, anong disenyo ng aralin ang maaaring maipayo batay sa kinalabasan ng pananaliksik? Ang mga tanong na ito ay naglalayong pagyamanin ang pag-unawa at pagpapahalaga sa OPM, lalo na ang kaugnayan nito sa wika, panitikan, at kulturang Pilipino.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay nilapatan ng kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik. Ginamit sa kwalitatibo ang "content analysis" o pagsusuring pangnilalaman na kung saan sinuri ng mananaliksik ang apat na piling OPM na Mahika, Uhaw, 711 at Dilaw. Sa pagpili ng OPM, ginamit ng

mananaliksik ang *Spotify*, isang digital na serbisyo para sa musika, *podcast*, at *video streaming* na mayroong milyon-milyong mga kanta at iba pang kanta mula sa mga artista sa buong mundo. Pinili lamang ang OPM na nag-rank 1 sa lingguhang tsart ng Spotify mula 2022–2024, orihinal na isinulat at inaawit ng Pilipino, pangunahing nasa wikang Filipino, at may mabubuting salita at positibong nilalaman. Sinuri ng mananaliksik ang mga napiling OPM batay sa morpolohikal na istruktura, mga nakapaloob na genre, tema, simbolismo, idyomatikong pahayag at kulturang Pilipino. Sumangguni ang mananaliksik sa mga eksperto at sinunod ang mga etikal na alituntunin ng Komite ng Etika ng Pamantasan ng Bohol upang matiyak ang katumpakan ng pag-aaral.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng morpolohikal na istruktura ng mga liriko ng OPM, kabilang ang kayarian ng salita, pagbabagong morpoponemiko at aspekto ng pandiwa at mga elementong makikita sa OPM tulad ng genre, tema, simbolismo, idyomatikong pahayag at kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito ay matutukoy rin ang implikasyon sa pagtuturo ng wika at panitikan sa asignaturang Filipino upang magkaroon ng mabisang paaran sa paggawa ng mungkahing disenyo ng aralin batay sa kinalabasan ng pag-aaral.

**Pagsusuri sa Istrukturang Pangmorpolohikal ng mga Piling OPM Batay sa Kayarian ng Salita.** Ang bahaging ito ay naglalahad sa kayarian ng salita gaya ng payak, maylapi at inuulit na nakapaloob sa mga piling OPM. Ang natuklasang ito ay pinatunayan ni Augusto (2021), nagiging payak ang kayarian kung ito ay salitang-ugat lamang at walang nagaganap na pagdaragdag, pag-uulit at paglalapi. Maylapi ito kapag may mga ikinakabit na panlapi sa bahagi ng salitang ugat na maaaring idugtong sa unahan, gitna, hulihan, kabilaan at laguhan. Inuulit naman ang kayarian kung may nagaganap na pag-uulit sa pantig, bahagi o sa buong salita. Ang pag-unawa sa mga uri ng kayarian ng salita ay mahalaga upang masuri ang istruktura at kahulugan ng mga salita sa wikang Filipino, dahil nagbibigay ito ng higit na lalim sa wika. Sa pagsusuri ng mga liriko ng kantang Mahika, makikita ang iba't ibang kayarian ng salita na nagpapakita ng istruktura ng wikang Filipino, gaya ng inilalarawan sa unang pahayag. Naroon ang mga payak na salita, maylapi, at inuulit, na nagpapamalas ng kompleksidad at kakayahang umangkop ng gramatikang Filipino. Ang ganitong pagkakaiba-iba sa pagbuo ng mga salita ay nagbibigay-daan sa kanta na magpahayag ng mas malalim na emosyon at pagandahin ang kahulugan nito. Ipinapakita ng mga natuklasan kung paano ang iba't ibang kayarian ng wika ay nakatutulong sa mas mabisang paghatid ng mensahe ng kanta.

**Pagsusuri sa Istrukturang Pangmorpolohikal ng mga Piling OPM Batay sa Pagbabagong Morpoponemiko.** Ang bahaging ito ay naglalahad sa pagbabagong morpoponemiko gaya ng reduplikasyon, asimilasyon, pagpapalit ng ponema at pagkakaltas ng ponema na nakapaloob sa mga piling OPM. Ayon sa pag-aaral nina Catalig et al. (2024), ang mga dayalektong Tagalog ay

nagpapakita ng ganitong uri ng mga pagbabago, na may direktang epekto sa istruktura at kahulugan ng mga salita. Sa konteksto ng mga liriko ng OPM, ang mga pagbabagong ito ay nagiging mahalagang elemento na nagpapayaman sa damdamin at mensaheng hatid ng mga kanta.

Ang ganitong ugnayan ay nagpapakita na ang morpoponemikong pagbabago sa wika ay hindi lamang isang lingguwistikong proseso kundi isang malikhaing paraan upang ipahayag ang emosyon at kultura. Sa pamamagitan ng mga liriko ng OPM, naipapakita kung paano nagiging buhay ang wika habang umaangkop ito sa sining at musika. Ang pagsasanib ng lingguwistikong anyo at artistikong layunin ay nagpapalalim sa koneksyon ng wika at kultura, ginagawa itong mas makabuluhan sa tagapakinig. Sa kabuuan, ang mga pagbabagong morpoponemiko sa OPM ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa kasiningan ng wika at ang dinamikong pagpapahayag ng damdamin at identidad sa kultura

**Pagsusuri sa Istrukturang Pangmorpolohikal ng mga Piling OPM Batay sa Aspekto ng Pandiwa.** Ang bahaging ito ay naglalahad sa aspekto ng pandiwa na perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo na nakapaloob sa mga piling OPM. Ayon kina Bucjan at Sandoval (2022), ang bawat aspekto ay gumagamit ng partikular na mga panlapi upang matukoy ang tamang panahon o aspekto ng kilos. Sa awit, makikita ang paggamit ng mga panlaping perpektibo, imperpektibo, at kontemplatibo upang ipakita ang iba't ibang yugto ng kilos. Ang mga panlaping ito ay nagpapakita ng pagiging buhay ng wika, na naglalarawan ng mga kaisipan at damdamin na nangyari, kasalukuyang nangyayari, o mangyayari pa lamang. Sa pamamagitan ng mga aspekto ng pandiwa, mas naipapahayag ng awitin ang layunin nitong ipakita ang takbo ng kwento o damdamin. Halimbawa, ang aspekto ng perpektibo ay maaaring gamitin upang ipakita ang pagsisisi o pasasalamat para sa isang nagdaang pangyayari. Samantala, ang imperpektibo ay madalas gamitin upang ipakita ang kasalukuyang nararamdaman o ginagawa, nagbibigay ng mas personal at direktang koneksyon sa tagapakinig. Ang kontemplatibo naman ay naglalarawan ng pag-asa o plano sa hinaharap, na nagdaragdag ng lalim sa mensahe ng kanta. Sa ganitong paraan, ang wika sa liriko ng OPM ay hindi lamang nagpapahayag ng damdamin kundi nagiging tulay din ng malikhaing pagpapahayag ng bawat yugto ng kilos o karanasan. Ang mga aspekto ng pandiwa ay mahalagang bahagi ng lingguwistikong yaman na nag-uugnay sa sining at wika sa mas makabuluhang paraan.

**Pagsusuri sa Elemento ng Akdang Pampanitikan na Nakapaloob sa mga Piling OPM Batay sa Genre.** Inilahad sa bahaging ito ang genre na nakapaloob sa mga piling OPM, kung saan lahat ng sinuri ay may pop na genre. Ayon sa pag-aaral nina Parada-Cabaleiro et al. (2024), ang mga kantang nasa pop genre ay karaniwang may mas mababang istruktural na kumpleksidad sa mga liriko, tulad ng mas madalas na pag-uulit ng mga linya. Ang ganitong pag-uulit ay nagpapadali sa pag-unawa at pagsunod sa kanta. Ang pagbawas sa kumpleksidad ay naglalayong lumikha ng mga kantang kaaya-aya, madaling

tandaan, at higit na umaakit sa mas malawak na tagapakinig. Bilang resulta, ang mga pop ay kadalasang nakatuon sa mga liriko at melodiya na madaling makilala at kantahin. Makikita ang simpleng istruktura sa mga kanta, kabilang ang paulit-ulit na koro, melodiya, at emosyonal na temang nakakaantig. Dahil sa ganitong katangian, mabilis sumisikat ang mga kantang ito, umaakit ng parehong kabataan at nakatatanda. Ang kanilang kasimplehan at madaling alalahanin na nagreresulta sa mataas na bilang ng streams at malawakang kasikatan, na nagpapatibay sa pop bilang isa sa pinakapopular na genre ng OPM.

**Pagsusuri sa Elemento ng Akdang Pampanitikan na Nakapaloob sa mga Piling OPM Batay sa Tema.** Inilahad sa bahaging ito ang tema na ang pag-ibig at ang pag-amin ng nararamdaman ng isang tao sa kanyang minamahal, walang hanggang pag-asa at pagnanasa, sakripisyo at pagsisikap na mabigyan ng magandang buhay ang minamahal, at pagmamahal na matatag at katiyakan sa relasyon na nakapaloob sa mga piling OPM. Napatotohanan ito sa pag-aaral ni Yeh et al. (2022) na may mga awit na nagtatampok na hayagang ipinapahayag ang kanilang nararamdaman, na tumutok sa tema ng pag-ibig. Sa pamamagitan ng mga liriko, ipinapakita ang tapang na magpahayag ng nararamdaman sa kanilang minamahal, isang mahalagang hakbang sa pagpapakita ng kanilang tunay na damdamin. Ang ganitong mga kanta ay naglalarawan ng pag-amin ng damdamin at emosyonal na paglaya, na karaniwang makikita sa mga awit na tumatalakay sa kabataan, pagkakaibigan, at unang pag-ibig. Sa pamamagitan ng pagtuon sa tapat na pag-amin, ipinapakita ang uso ng pagtanggap sa pagiging bukas at tapat sa damdamin sa kontemporaryong musika.

**Pagsusuri sa Elemento ng Akdang Pampanitikan na Nakapaloob sa mga Piling OPM Batay sa Simbolismo.** Inilahad sa bahaging ito ang simbolismo na nakapaloob sa mga piling OPM tulad nghangin, kalawakan, ibon, kulay ng larawan, bituin, mahika,kalsada at daan, ilaw, uhaw, sayaw, anino, taludtod, tula, 711, Bahay sa Santa Rosa, 7-Eleven, kotse at Shibuya at Vancouver, mundo, kasayaw, dilaw, at katiyakan. Ayon sa pag-aaral nina Merculio at Pontemayor (2024), epektibong naipapahayag ni Shanti Dope ang mga mensahe ng tapang, determinasyon, at pag-asa sa kanyang mga tagapakinig sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolo sa kanyang mga kanta, na nagbibigay ng lalim at kahulugan sa kanyang mga liriko. Ang paggamit ng mga simbolo sa kanyang musika ay nagpapalakas sa emosyonal na epekto nito, kaya't mas nagiging kaugnay at tumatatak ang mga mensahe sa kanyang mga tagapakinig. Katulad ng paggamit ni Shanti Dope ng simbolismo, ang mga piling OPM ay gumagamit din ng iba't ibang simbolo upang maipahayag ang mga tema ng kalayaan, walang hangganang posibilidad, at kababalaghan ng pag-ibig. Ang mga simbolong ito ay nagdaragdag ng lalim sa kanta, na nagreresulta sa mas malalim na koneksyon ng tagapakinig sa musika. Sa pamamagitan ng ganitong uri ng pagpapahayag, ang mga kantang ito ay hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagsisilbing daluyan ng inspirasyon at

emosyonal na koneksyon. Tulad ng musika ni Shanti Dope, ang mga piling OPM, ay nag-aalok ng karanasan na humahawak sa damdamin ng mga tagapakinig at nagpapalakas ng kabighanian at lakas.

**Pagsusuri sa Elemento ng Akdang Pampanitikan na Nakapaloob sa mga Piling OPM Batay sa Idyomatikong Pahayag.** Inilahad sa bahaging ito ang idyomatikong pahayag na nakapaloob sa mga piling OPM tulad ng binibigyang kulay ang larawan, likod ng mga ulap, binabalot ka ng mahika, bumigay ang tuhod, sumuko ang puso ko, at buhok ay pumuti. Ito ay tumutugma sa pag-aaral nina Cornelia et al. (2023), ang mga idyomatikong pahayag ay mahalagang bahagi ng wika na nagpapahusay sa kakayahang magpahayag nang epektibo, bagama't ang kanilang kahulugan ay hindi maaaring isalin nang literal. Sa pamamagitan ng mga idyoma, naipapakita ang lalim at pagkamalikhain sa komunikasyon, na nagbibigay ng mas makulay at makabuluhang pagpapahayag. Ang ganitong uri ng pahayag ay nagbibigay ng pagkakataon na maipahayag ang damdamin, ideya, at kultural na konteksto nang mas maikli ngunit may malalim na kahulugan. Sa OPM, ang paggamit ng idyomatikong pahayag ay nagdaragdag ng emosyon at artistic na aspeto sa liriko ng kanta, na nagpapadali para sa mga tagapakinig na makaugnay sa mensahe. Ang ganitong malikhaing pagpapahayag ay nagpapayaman hindi lamang sa musika kundi pati na rin sa wika, na nagiging tulay para maipakita ang kahusayan at yaman ng kulturang Pilipino.

**Pagsusuri sa Elemento ng Akdang Pampanitikan na Nakapaloob sa mga Piling OPM Batay sa Kulturang Pilipino.** Inilahad sa bahaging ito ang kulturang Pilipino na nakapaloob sa mga piling OPM tulad ng pagtawag ng giliw, pagiging maingat at mahinhin, pagtitiyaga at katapatan pagsasakripisyo, pag-unlad at pagsusumikap, pangmatagalang pagsasama at pagtitiis at pag-asa sa pag-ibig. Ito ay may kaugnayan sa kinalabasan ng pag-aaral ni Sebio (2023) ang mga awiting OPM ng ika-21 na siglo ay may mga kulturang sumasalamin sa iba't ibang karanasan sa buhay ng mga Pilipino at karamihan sa mga kulturang ipinapakita ng mga awitin ay mga tradisyunal na kulturang Pilipino. Ipinapahiwatig lamang nito na sa kabila ng impluwensya ng globalisasyon, ang identidad, kaugalian, pagpapahalaga, at tradisyon ng mga Pilipino ay nananatiling buhay at ipinapasa mula sa mga naunang henerasyon. Ang mga awitin ay nagsisilbing salamin ng mga paniniwala, kaugalian, at pang-araw-araw na karanasan ng mga Pilipino, na nagbibigay ng mas malalim na koneksyon sa mga tagapakinig. Bukod dito, ang mga kanta ay nagiging daluyan ng pagpapakita ng pagmamalaki sa sariling kultura at pagbibigay-pugay sa mga tradisyunal na selebrasyon at ritwal. Ang ganitong aspeto ng OPM ay nagpapakita na ang musika ay hindi lamang anyo ng aliwan kundi isang mabisang paraan upang maitaguyod at mapanatili ang yaman ng kulturang Pilipino. Sa kabuuan, ang OPM ay nagiging mahalagang bahagi ng pagpapalaganap at pagsasalin ng mga tradisyunal na gawi at pananaw sa mas makabagong henerasyon.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral sa morpolohikal na istruktura, ang OPM ay kinapalolooban ng kayarian ng salita na payak, maylapi at inuulit, kung saan kadalasang nalilito ang mga mag-aaral kapag ang isang salitang-ugat ay nilalapian na ng mga panlapi; sa pagbabagong morpoponemiko naman ay reduplikasyon, asimilasyon, pagpapalit at pagkakaltas ng ponema kung saan mas lalong nalilito ang mga mag-aaral kung paano nagbabago ang mga tunog ng salita dahil sa pagdagdag ng mga panlapi o reduplikasyon na nagiging sanhi ng kanilang pagkakamali sa pagbuo ng mga salita; sa aspekto ng pandiwa ay perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo kung saan mahihirapan silang magpalit ng tamang pandiwa batay sa oras o panahon ng kilos.

Sa pagsusuri ng mga elementong akdang pampanitikan sa mga piling OPM, lumitaw ang genreng pop kung saan ang mag-aaral ay kadalasang nahihirapan sa pagtukoy ng mga tiyak na katangian ng bawat genre; sa tema na kakikitaan ng positibo at negatibo kung saan nahihirapan din ang mga mag-aaral na unawain at tukuyin ang pangunahing tema sa akda; sa simbolismo kung saan mga mag-aaral ay madalas magkamali sa pagpapakahulugan ng mga simbolo, kaya't nagiging mahirap para sa kanila na maabot ang mas malalim na mensahe ng akda; sa idyomatikong pahayag kung saan mahihirapan din sila dahil ang kahulugan ng salita ay hindi tuwirang nakabase sa literal na kahulugan at sa kulturang Pilipino kung saan ang mga mag-aaral ay hindi lubos na nauunawaan ang kahalagahan ng kasaysayan at mga tradisyon ng Pilipinas.

Gayunpaman, batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang implikasyon nito sa pagtuturo sa wika at panitikan na may integrasyon ng OPM sa mga aralin ay nagbibigay ng praktikal na aplikasyon ng mga konseptong linggwistiko, kaya't mas nagiging makulay at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga morpolohikal na katangian sa mga kanta, napapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika at kultura, pati na rin ang kanilang kaalaman sa mga elemento ng akdang pampanitikan tulad ng tema at simbolismo. Binibigyan nito ang mga mag-aaral ng mas malalim na pag-unawa sa mga mensahe at layunin ng akda, at nakakatulong sa pagpapalawak ng kanilang pananaw tungkol sa kultura at kasaysayan. Subalit, may mga hamon din itong dulot, tulad ng mga OPM na naglalaman ng mga negatibong salita at tema, na hindi nararapat tangkilikin ng mga mag-aaral at hindi angkop gamitin sa pagtuturo kaya kailangang mag-ingat ang guro sa pagpili ng mga OPM.

## KONGKLUSYON

Batay sa ginawang pagsusuri ng morpolohikal na istruktura ng piling OPM natuklasan na ang nakapaloob ayon sa kayarian ng salita ay payak, maylapi, at inuulit. Sa pagbabagong morpoponemiko ay reduplikasyon, asimilasyon, pagpapalit at pagkakaltas ng ponema. Habang sa aspekto ng pandiwa ay perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo. Samaktatuwid,

maaaring maging batayan ito sa pagsusuri ng mga patakarang morpolohikal sa wikang Filipino.

Sa ginawang pagsusuri sa elemento ng piling OPM natuklasan na ang nakapaloob na genre ay pop na naglalarawan ng makulay na tema at kultural na elemento ng Pilipinas. Kinapapalooban din ito ng mga tema, simbolismo, idyomatikong pahayag at kulturang Pilipino kung saan naipapakita ng mga kantang ito ang kabuuan ng identidad at damdamin ng mga Pilipino.

Ang mga piling OPM ay hindi lamang libangan o simpleng musika, kundi isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo ng istruktura ng wika at panitikan. Ito ay epektibong materyal na maaaring gamitin sa silid-aralan upang gawing mas makabuluhan at kapana-panabik ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika at panitikan. Ang paggamit ng OPM ay maaaring magpataas ng interes ng mga mag-aaral at magpalalim ng kanilang kakayahang lingguwistiko at kritikal sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan.

## REKOMENDASYON

1. Dapat gamitin ng mga guro at gurong nagsasanay ang mga natuklasang patakarang morpolohikal mula sa pagsusuri ng OPM bilang basehan sa pagbuo ng mga aralin sa Filipino na magpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa morpolohiya at paggamit ng wika.
2. Isama ang mga piling OPM na may positibong tema, angkop ang wikang ginamit para sa edad ng mga mag-aaral, at may pagpapahalaga sa kultura bilang bahagi ng mga materyal sa pagtuturo Panitikang Filipino upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral.
3. Dapat magkaroon ng gabay ang mga guro sa pagsusuri ng mga liriko ng mga kantang gagamitin sa klase upang matiyak na ito ay may tamang mensahe, may edukasyonal na halaga, at hindi naglalaman ng mga temang hindi angkop para sa mga mag-aaral.
4. Ang inihandang disenyo ng aralin ng mananaliksik ay maaring gamitin ng mga guro sa Filipino upang gawing mas masigla at makabuluhan ang pagtuturo ng wika, lalo na sa larangan ng morpolohiya at mga elemento ng panitikang Pilipino.
5. Iminumungkahi na ang mga mananaliksik at mga guro sa Filipino na magsagawa ng mas malawak na pagsusuri ng mga OPM sa iba't ibang larangan at asignatura upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika, kasaysayan, at kulturang Pilipino.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Agbayani, E. (2020). Ang pagsusuri sa katangian ng Davao Filipino. Msuiit. https://bit.ly/3PQ0GHY

Alvarado, E. T., Bacalla, L. A., & Largo, R. C. (2018). Varayti ng wikang Sugbuanong Binisaya sa Hilagang Cebu. Global Journal of Human Social Science: C Sociology & Culture, 18(4). https://bit.ly/4cJ5NDI

Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987. (1991). Official Gazette. https://bit.ly/48P1fbC

Augusto, W. J. S. (2021). Mga wika sa sining ng kulit: Implikasyon sa kultura at pagtuturo. International Journal of Research Studies in Education, 10(4). http://bit.ly/4fOvjs6

Avila, R. (2023). Sociolinguistic competence, linguistic intelligence and self-efficacy.

Bruner, J. S. (1985). Child's talk: Learning to use language. Child Language Teaching and Therapy, 1(1), 111–114. https://bit.ly/4dicGvQ

Bucjan, E. R., & Sandoval, M. A. S. (2022). Deribasyon at impleksiyon sa mga salita sa pangungusap sa wikang Kamayo. Diliman Review, 66(2). https://bit.ly/4hMX9GG

Bulan, R. M. (2017). Ninorte-Samarnon verbal morphology analysis: A guide to mother tongue teaching. International Journal of Trend in Scientific Research and Development (IJTSRD), 2(2). https://bit.ly/3JFCwwt

Carey, T. R. (2020). The revolution will be Spotified: A rhetorical analysis of music as a mode of resistance in the 21st century. https://bit.ly/4fMQfPX

Catalig, G. R., Matias, M. J. E., & Umbreit, L. E. (2024). Morpolohikal at ponolohikal na varyasyon ng wikang Tagalog. https://bit.ly/3AHXMAG

Chomsky, N. (1965). Aspects of the theory of syntax. https://bit.ly/4cjvTgu

Cornelia, E. V., Adi, A. B. P. K., & Lestari, M. Y. W. (2023). An analysis of idiomatic expressions used in "The Call of the Wild" movie. Jurnal CULTURE (Culture Language and Literature Review), 10(2), 57–68. https://bit.ly/4g6GDzZ

Crisol, L. G. (2020). The morphological processes involved in the lexicon of Iligan City's Tambal Binisaya. Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 8(1), 15–29. https://bit.ly/4aUECEy

De Saussure, F. (1961). Course in general linguistics. In Macat Library eBooks. https://bit.ly/3WgKuU6

Deja, J. A., Blanquera, K., Carabeo, C. E., & Copiaco, J. R. (2018). Genre classification of OPM songs through the use of musical features (pp. 77-88). https://tinyurl.com/2p7uv3s9

Garrido, C. C., & Romero, B. N. (2023). A morpho-phonemic analysis of the language variety of Porohanon speech community. Journal of Namibian Studies: History Politics Culture, 34, 2088-2110. https://tinyurl.com/5733wrpn

Khamim, M. (2022). Idiomatic expressions and phrase expressions in "Diary of a Wimpy Kid: The Long Haul" film by David Bowers. Inference Journal of English Language Teaching, 5(2), 133. https://bit.ly/3CmYCDp

Mandado, J. O. (2020). Ang penomenong awiting Visayan popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura.American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 4(1), 1-10. https://bit.ly/3XLNOY9

Merculio, C.J.C., & Pontemayor, F.B.(2024). Semiyolohikal analisis sa mga awiting rap ni Shanti Dope.Knowledge Commons. https://bit.ly/4bohMVj

Nacorda, R.F., & Mandado, J.O.(2023). Sipat-suri-lapat sa pagdalumat sa mga sebwano novelty songs.International Journal of Research Studies in Linguistics.

Obasi, M.C.(2023). Representation of African values in selected Nigerian popular music.Communication Culture in Africa, 3(1), 56–73. https://bit.ly/40Pxc3u

Parada-Cabaleiro, E., Mayerl, M., Brandl, S., Skowron, M., Schedl, M., Lex, E., & Zangerle, E.(2024). Song lyrics have become simpler and more repetitive over the last five decades.Scientific Reports, 14(1). https://bit.ly/3AH6fnK

Salih,J.(2023).Morphological analysis.ResearchGate.https://bit.ly/49Y1NPD

Sebio,A.L.(2023). Wika at kultura ng OPM: Pagsusuri ng mga awiting Pilipino tungo sa pag-unawa sa kultura ng ika-21 siglong Pilipino.E Dawa/Dawa ISPSC Research & Extension Journal, 3(2). https://bit.ly/3zxUvmu

Shunwei,L.& Jia,L.(2022). Establishment Of Philippine Popular Music

Industry.Multicultural Education,8(6),60-82. https://bit.ly/4eHbbYV

Skinner,B.F.(1963). Behaviorism at fifty.Science,140(3570),951-958. https://tinyurl.com/2uvt25ad

Sulistyawati,E.E., Nugroho,A.A.& Bram,B.(2021). Morphological teaching strategies to enhance students' vocabulary knowledge and reading comprehension.Journal of English Teaching,7(2),179-190. https://tinyurl.com/4d7fxsn8

UNESCO.(2021) Sustainable development goal 4 and its targets.UNESCO. https://bit.ly/3PcpHN6

Yeh,A., Hung,T.& Candidate,M.(2022). The stages of love,songs,and a band: A corpus discourse analysis of One Direction's pop albums.Advances in Language and Literary Studies,13(1),70. https://bit.ly/3UTZrdg